ALAMEDA COUNTY COVID-19 HEALTH EMERGENCY PRESS RELEASE
COUNTY OF ALAMEDA ★ CALIFORNIA
Office of Emergency Services
4985 Broder Blvd, Dublin, CA 94568
Alameda County Health Care Services Agency

ILALATHALA KAAGAD
Hunyo 2, 2022

Neetu Balram
Tagapamahala ng Impormasyon sa Publiko
Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko
Alameda County Health Care Services Agency
eoc-pio@acgov.org

**Hihilingin ng Alameda County ang Pagsusuot ng Mask sa Karamihan ng Pampublikong Lugar Kapag Nasa Loob**

*Ang mga pagkakaospital ng mga taong may COVID-19 ay dumoble nang mahigit pa sa nakaraang buwan.*

**ALAMEDA COUNTY, CA –** Para limitahan ang epekto ng tumataas na mga kaso ng COVID-19 sa mga pagkakaospital, inanunsyo ngayong araw ng Alameda County na kakailanganin ang pagsusuot ng mask sa karamihan ng mga pampublikong lugar kapag nasa loob simula 12:01 a.m. sa Biyernes, Hunyo 3, 2022. Hindi naaangkop ang Utos na ito sa Lungsod ng Berkeley, na isang nakahiwalay na Lokal na Hurisdiksyon ng Kalusugan. Patuloy na sinusubaybayan ng Opisyal sa Kalusugan ng Alameda County ang mga kaso ng COVID at mga pagkakaospital upang malaman kung kailan maaaring ligtas na alisin ang Utos na ito.

Hindi hihilingin ng Alameda County ang pagsusuot ng mask sa K-12 na paaralan hanggang sa pagtatapos ng taon ng eskuwela na 2021-22, pero mahigpit pa ring inirerekomenda ang pagsusuot ng mask. Hihilingin ang pagsusuot ng mga mask sa lahat ng iba pang setting na may bata at kabataan, kasama ang pangangalaga ng bata, summer school, at mga programa para sa kabataan, hangga't magagawa.

Ang araw-araw na naiulat na mga kaso ng COVID-19 ay nalampasan ang peak ng Delta wave noong nakaraang tag-init at umaabot na ngayon ito sa mga lebel na nakita sa wave noong taglamig ng 2020-21, sa mga antas ng pagsusuri na maikukumpara sa naiulat sa laboratoryo. Ang mga naiulat na kaso ay mas mababa sa kabuuan dahil sa testing sa bahay at mga hindi natukoy na impeksyon.

Ang mga pagkakaospital ay tumataas rin pagkatapos manatiling stable sa mga unang linggo ng wave na ito. Mabilis na dumami ang araw-araw na mga bagong naa-admit na mga pasyenteng may COVID-19 sa mga kamakailang araw at ngayon lampas na ito sa peak noong nakaraang tag-init. Inaasahan naming malapit nang maabot ang "Mataas" na Level ng COVID-19 sa Komunidad , dahil sa mga kasalukuyang trend.

Dagdag pa rito, noong magsimulang tumaas muli ang mga kaso ng COVID-19 noong Abril, hindi namin nakita sa aming data ang hindi proporsyonal na mga epekto sa mga komunidad na may partikular na lahi. Hindi na ito ngayon totoo at ang mga residenteng Hispaniko/Latino ay mayroon na ngayong pinakamataas na bilang ng kaso sa Alameda County sa mga pinakamalaking grupo ng lahi/etnisidad.

"Ang pagtaas sa mga kaso ng COVID sa Alameda County ay nagreresulta na ngayon sa mas maraming tao na naoospital at ipinapakita ng ginawang aksyon ngayong araw ang pagiging seryoso ng sandali," ang sabi ng Opisyal sa Kalusugan ng Alameda County na si Dr. Nicholas Moss. "Hindi natin maaaring balewalain ang data, at hindi natin puwedeng hulaan kung kailan matatapos ang wave na ito. Ang pagbabalik ng pagsusuot

ng ating mga mask ay binibigyan tayo ng pinakamagandang pagkakataon upang limitahan ang epekto ng matagal na wave sa ating mga komunidad."

Bagama't nagbibigay ng proteksyon ang pagbabakuna para sa COVID-19, mga booster, nakaraang impeksyon at available na mga gamot laban sa malubhang sakit, umiikot sa napakataas na mga lebel ang virus na nagdudulot ng COVID sa Alameda County. Kahit may matibay na mga proteksyon, ang mataas na mga bilang ng mga impeksyon ay inilalagay ang mas maraming tao sa panganib at sa ospital.

Ang pagsusuot ng mask ay nagbibigay ng dagdag na layer ng proteksyon laban sa impeksyon mula sa virus na kumakalat sa hangin. Ang pagsusuot ng mask na may mataas na kalidad ay pinoprotektahan pareho ang may suot nito at ang mga nasa paligid niya, at ang pagkakaroon ng mas maraming tao na nakasuot ng mask ay makakatulong na mapabagal ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga bata na wala pa sa edad na 2 taong gulang ay hindi dapat magsuot ng mask.

"Pinasasalamatan namin ang mga residente, employer, at mga negosyo sa Alameda County para sa patuloy na pagsusumikap na mapagtagumpayan ang hamon bilang pagtugon sa pandemyang ito," ang sabi ni Colleen Chawla, Direktor ng Alameda County Health Care Services Agency (AC HCSA). "Sa kasamaang-palad, hindi nawala ang COVID at muli, dapat tayong gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang ating mga sarili, mga kaibigan at mga miyembro ng komunidad, at mga empleyado at suki mula sa lubhang nakakahawang virus na ito."

Sa buong pandemya, ang mga residenteng Black/African American, Hispaniko/Latino/a/x, at Pacific Islander ay hindi proporsyonal na naapektuhan ng COVID-19. Ang parehong mga komunidad na ito ay nakaranas dati ng hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan at ibinunyag at pinalala ang mga problemang ito ng pandemya. Nakatuon ang Alameda County sa pagbawas sa hindi pagkakapantay-pantay sa COVID-19 kung saan maaari.

"Nakikita naming nangyayari muli ang parehong pattern ng hindi proporsyonal na epekto sa mga komunidad na pinaka naapektuhang mabuti dahil sa tumataas na mga kaso," ang sabi ni Kimi Watkins-Tartt, Direktor ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng AC HCSA. "Marami sa mga Black at Brown na residente ay mga frontline worker na hindi puwedeng magtrabaho sa bahay at nasa mga lugar ng trabaho kung saan madalas silang nakikipag-ugnayan sa publiko. Ang utos na pagsusuot ng mask ay lilimitahan ang pagkalat ng COVID sa mga mahinang komunidad na ito."

Dagdag sa pagsusuot ng mask, pinapaalalahanan ang mga residente na patuloy na gumawa ng iba pang mga hakbang upang limitahan ang pagkalat ng COVID-19: manatili sa bahay kung may sakit o positibo; magpa-test kung may mga sintomas o na-expose; at panatilihing kaunti ang mga kasama sa mga pagtitipon at dapat ay nasa labas o dagdagan ang bentilasyon kung magtitipon-tipon sa loob.

Kung hindi ka nabakunahan o na-boost, mahigpit ka naming hinihikayat na pumunta sa isang klinika kung kwalipikado ka at kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa paggamot

kung masusuri kang positibo para sa COVID at may hindi malubha o katamtamang mga sintomas. Bisitahin ang COVID-19 website para sa mga mapagkukunan ng impormasyon.

###

***Available ang mga opisyal sa kalusugan ng Alameda County para sa mga interview ngayon, Huwebes, mula 2 p.m. - 4 p.m. Mangyaring mag-email sa eoc-pio@acgov.org o tumawag sa 510-267-8001 upang mag-schedule.***

*Ang Alameda County, na matatagpuan sa silangang San Francisco Bay Area, ay ang ikapitong (ika-7) county na may pinakamaraming tao sa Estado ng California. May kabuuang area na mahigit sa 800 square miles at populasyon na mahigit sa 1.6 na milyong residente, ang Alameda County ay binubuo ng lungsod, suburban, at lalawigan na mga heograpikong lugar pati rin ang malaking unincorporated na bahagi. Ang Alameda County ay inilalarawan ng maraming pagkakaiba-iba ng etniko nito at naka-rank ito bilang isa sa pinaka-diverse na mga county sa bansa. Batay sa 2018 American Community Survey, 32.1 porsyento ng populasyon ng County ay ipinanganak sa ibang bansa at walang nakakaraming grupo ng lahi o etniko. Dagdag pa rito, ayon sa Kagawaran ng Edukasyon ng California, 60 wika ang sinasalita ng mga mag-aaral ng wikang Ingles sa mga K-12 na sistema ng pampublikong paaralan sa Alameda County noong 2019-2020.*